# PROJECT AGAP SA BATA (ALALAY AT GABAY PARA SA BATA):ESTRATEHIYA SA PAGKATUTO AT PAG-UNLAD SA FILIPINO 9



**GEORGE T. IPIL**
Guro III / Gurong Tagapag-ugnay sa Filipino
Southville 5A Integrated National High School
City Schools Division of Biñan City

## Abstrak ng Pananaliksik

Sa pagbubukas ng klase sa taong panurunan 2022-2023, hindi maikakailang patuloy na nangangailangan ang mga mag-aaral ng patnubay mula sa mga tagapagturo at mga magulang upang tukuyin ang mga kumpetensing inaasahang maisagawa nila. Hindi rin maikakaila na lalong lumala ang kasalukuyang estado ng edukasyon sa bansa. Sa konteksto ng Mataas na Paaralan ng Southville 5A, inaasahan na ang buong kooperasyon ng mga guro at magulang upang maging matiwasay ang pagsisimula ng klase. Ngunit, sa Unang Markahan pa lamang ay kapansin-pansin na ang mga batang nangangapa lalo na sa usapin kung ano ang kinakailangan nilang gawin. Sa ika-9 na baitang, ang mga mag-aaral sa seksyon Ati-Atihan ang siyang nagtala ng pinakamababang *mean percentage score* (MPS) na 42.44 na nagpapahiwatig ng learning gap sa mga mag-aaral new normal na pagkatuto. Kung kaya, nilayon ng pananaliksik na ito na masukat ang kabisaan ng Project AGAP sa Bata (Alalay at Gabay Para sa Bata) bilang estratehiya sa pagkatuto at pag-unlad sa mga mag-aaral ng Filipino 9. Partikular, ang pag-aaral na ito ay nilayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan: 1. Ano ang kalagayang pagkatuto ng mag-aaral bago gamitin ang Project AGAP sa Bata? 2. Ano ang kalagayang pagkatuto ng mag-aaral pagkatapos gamitin ang Project AGAP sa Bata? 3. Mayroon bang makabuluhang pag-unlad, pagkatapos gamitin ang Project AGAP sa Bata, sa pangkalahatang

pagganap sa Filipino 9 ng mga mag-aaral? 4. Paano naaapektuhan ang pangkalahatang akademikong pagganap ng Project AGAP sa Bata?

Ang mga lumahok sa pag-aaral na ito ay pinili sa pamamagitan ng purposive sampling kung saan ginamit ang resulta ng kanilang MPS sa Filipino 9. Sa inklusyon krayterya ng pananaliksik na ito, ang isinaling mag-aaral ay kinailangang nabibilang sa pinakamababang sampu (10) sa klase at dapat ay mula sa Grade 9- Ati-atihan. Nagsimula ang Project AGAP sa pagtatasa ng mga mag-aaral upang malaman ang lebel ng kasanayan nila sa Ikatlong Markahan. Pagkatapos mailapat ang nakalap na resulta, ay inalam din ng mananaliksik ang istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang Instrumento sa Pagsukat sa Estilo sa Pag-aaral ng Mag-aaral. Ang resulta ng dalawang pagtatasang ito ay ginamit upang makagawa ng kontekstwalisadong materyal para sa mga mag-aaral. Dito ipinasok ang pagtulong ng mga magulang sa paggawa sa kadahilanang nakakaalam din sila kung anong kasanayan ang kayang gawin ng kanilang mga anak. Matapos maisagawa ay ipinasuri bilang balidasyon ang mga kontekstwalisadong materyal sa Master Teacher ng Filipino. Nang naaprubahan, muling tinasa ang mga mag-aaral gamit ang bagong inobasyon. Pagkatapos, ginawan ng pag-aanalisa ang iskor  Batay sa resulta ng pag-aanalisa gamit ang mixed method research, gamit ang SPSS Softaware para sa kuwantitatibong disenyo at thematic analysis para sa kuwalitatibong disenyo. Ang kalagayang pagkatuto ng mga mag-aaral bago gamitin ang Project AGAP sa Bata ay nasa Papabuong Kasanayan. Subalit pagkatapos mailapat ang Project AGAP sa Bata, nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa pangkalahatang pagganap sa Filipino ang mga mag-aaral ng Ika-9 na Baitang. Lumabas rin ang tema sa tanong kung paanong naapektuhan ang pangkalahatang akademikong pagganap, sinasabi ng mga respondente na sa pamamagitan ng biswal na pagkatuto napabuti ang kanilang pag-unawa.

**Susing salita**: *Agwat sa pag-aaral, Mean percentage score (MPS), Istilo ng pagkatuto, Kontekstuwalisdong materyal, Thematic analysis, Akademicong pagganap*

**Introduksyon**

Ang pagtulong sa mga mag-aaral noong panahon ng disrupsyon sa edukasyon ay isang hamon hindi lamang sa mga guro kundi pati na rin sa mga magulang. Ngayon, sa pagbabago ng pamamaraan sa pagbibigay at pagdedeliber ng edukasyon, ang mga magulang ay inaasahan ding magkaroon ng aktibong tungkulin sa pag-aaral ng kanilang mga anak habang nagbabalanse sa pagitan ng pagtatrabaho at pagpapalaki (Lebaste, 2020). Ngunit, hindi maikakaila na lalong lumala ang kasalukuyang estado ng edukasyon sa bansa (Reimers et al, 2020) lao pa nga at isinagawa na ang *in-person classes*. Dagdag pa, mayroon ding ibang magulang na naniniwala na ang kasalukuyang kalagayan ng mga paaralan ay nakakapagdulot ng kawalang gana ng mga bata sa pagkatuto (United Nations Children's Fund [UNICEF], 2021).

Sa pagbubukas ng klase sa taong panuntunan 2022-2023, hindi maikakailang patuloy na nangangailangan ang mga mag-aaral ng patnubay mula sa mga tagapagturo at mga magulang upang tukuyin ang mga kumpetensing inaasahang maisagawa nila. Dahil dito, nakalikha ng pagkakataon para sa mga guro at magulang na maging *coach* at tagapangasiwa ng kaalaman. Sa bagong set up, kung maisasagawa ng mga kaguruan at magulang ang matagumpay na paggabay, maaari itong maging isang *game-changer* para sa karamihan lalo na sa mga mahihirap na mag-aaral (Chu, 2015).

Sa konteksto ng Mataas na Paaralan ng Southville 5A, inaasahan na ang buong kooperasyon ng mga guro at magulang upang maging matiwasay ang pagsisimula ng klase. Ngunit, sa Unang Markahan pa lamang ay kapansin-pansin na ang mga batang nangangapa lalo na sa usapin kung ano ang kinakailangan nilang gawin. Sa ika-9 na baitang, ang mga mag-aaral sa seksyon Ati-Atihan ang siyang nagtala ng pinakamababang mean percentage score (MPS) na 42.44.

Ayon sa DepEd Order 31 s. 2012, ang antas ng kasanayan na nasa saklaw ng grado mula 74 pababa ay nangangahulugang Nagsisimula, kung saan ang mga mag-aaral sa antas na ito ay nahihirapan sa kanilang pag-unawa at kinakailangan ng gabay sa mga pangunahing kaalaman at kasanayan upang makaya nilang mailapat o makabuo nang sapat na pag-unawa.

Nang dahil dito, nilayon ng pananaliksik na ito na masukat ang kabisaan ng Project AGAP sa Bata (Alalay at Gabay Para sa Bata) bilang estratehiya sa pagkatuto at pag-unlad sa mga mag-aaral ng Filipino 9 ng Southville 5A National High School sa taong panuntunan 2022-2023.

Sa partikular, ang pag-aaral na ito ay nilayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan: (1). Ano ang kalagayang pagkatuto ng mag-aaral bago gamitin ang Project AGAP sa Bata?; (2)Ano ang kalagayang pagkatuto ng mag-aaral pagkatapos gamitin ang Project AGAP sa Bata (3). Mayroon bang makabuluhang pag-unlad, pagkatapos gamitin ang Project AGAP sa Bata, sa pangkalahatang pagganap sa Filipino 9 ng mga mag-aaral?; at (4). Paano naaapektuhan ang pangkalahatang akademikong pagganap ng Project AGAP sa Bata?

Ang Project AGAP ay isang estratehiya na idinisenyo kung saan isasali ang mga magulang sa paggawa ng mga learning activities. Ang naging resulta ng pananaliksik na ito ay gagamitin din upang makagawa ng pagpaplano ng aksyon na may kinalaman sa pagpapalaganap ng estratehiya upang mapabuti ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

**Metodolohiya**

Sinasabing ang isang bagay ay maituturing na inobasyon kapag ito ay bagong ideya, konsepto, o kagamitan. Interbensyon naman kapag nagsagawa ng aksyon upang mapabuti ang isang isyu o problemang kinakaharap. Kapag naman Estratehiya, ito ay binubuo ng mga hakbang lalong-lalo na kapag nais nating magturo ng isang kasanayan o kaalaman. Ang pag-aaral na ito ay maaring ikonsiderang inobasyon, interbensyon, at estratehiya. Sa pananaliksik na ito ay may tatlong mahahalagang salik: layon, saklaw, at kalamangan.

Sa pagpapatupad ng harapang klase, ang mga mag-aaral ay sadyang nanibago lalo

na sa paraan ng kanilang pagkatuto. Kinailangan nilang umasang muli sa kanilang sariling kahusayan ngunit patuloy na humihingi ng patnubay mula sa mga magulang, guro, at maging sa mga kaklase. Dagdag pa, unti-unti na ring nawawala ang motibasyon ng mga mag-aaral dahit sa pagbabagong muli sa sistema ng pagtuturo.

Sa *action research* na ito ay iminungkahi ng tagapagsaliksik na ipatupad at gamitin ang Project AGAP (tingnan ang Pigura 1). Bilang layon, ninais ng pag-aaral na ito na matulungang maitaas ng mga mag-aaral ang kanilang akademikong pagganap sa Filipino 9. Saklaw din ng pag-aaral na ito ang mga estudyante ng ika – 9 na baitang na siyang nakapagtala ng pinakamababang MPS. Ang proseso ay nakalalamang sapagkat ito ay isang inobasyon, interbensyon, at estratehiyang kinabibilangan ng kanilang mga magulang at pinaniniwalaang nakapagbigay ng motibasyon at inspirasyon sa mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang buong potensyal.

Ang mga lumahok sa pag-aaral na ito ay pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling* kung saan ginamit ang resulta ng kanilang MPS sa Filipino 9. Sa inklusyon krayterya ng pananaliksik na ito, ang sinaling mag-aaral ay kinakailangang nabibilang sa pinakamababang sampu (10) sa klase at dapat ay mula sa Grade 9- Ati-atihan. Ang mga mag-aaral na hindi panahintulutan ng mga magulang na lumahok at hindi rin nagbigay ng kanilang mismong pahintulot na lumahok sa pananaliksik ay hindi isinali. Ito ang nagsilbing limitasyon ng pag-aaral.

**Pigura 1**

*Mga Proseso ng Project Alalay at Gabay para sa Bata (AGAP)*




Nagsimula ang Project AGAP sa pagtatasa ng mga mag-aaral upang malaman ang lebel ng kasanayan nila sa Ikatlong Markahan, naganap itong muli sa ika-apa na markahan. Ang interes ng pag-aaral na ito ay ang mga napipiling mag-aaral sa Grade 9-Ati-Atihan ng Southville 5A National High School (S5AINHS) para sa kasalukuyang taong panurunan 2022-2023. Ang pag-aaral ay gumamit ng *purposive sampling* kung saan ang pagpili ng kalahok ay ibinatay sa itinakdang pamantayan. Una, dapat na nakatala sa S5ANHS para sa SY 2022-2023 at ikalawa, dapat kabilang sa sampung (10) pinakamababa sa klase ng ika-9 na baitang. Limitado rin lamang ang pag-aaral sa mga kalahok na nagbibigay ng pahintulot na maging bahagi ng pananaliksik. Maaari ring gamitin ang mga karagdagang impormasyon mula sa mga anecdotal record, school report card, mga transcript ng panayam at iba pang mga dokumento na makakabuti sa pag-aaral.

Pagkatapos mailapat ang nakalap na resulta, ay inalam din ng mananaliksik ang istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang Instrumento sa Pagsukat sa Estilo sa Pag-aaral ng Mag-aaral (Tingnan ang Apendiks C). Ang resulta ng dalawang pagtatasang ito ay ginamit upang makagawa ng kontekstwalisadong materyal para sa mga mag-aaral. Dito ipinasok ang pagtulong ng mga magulang sa paggawa sa kadahilanang nakakaalam din sila kung anong kasanayan ang kayang gawin ng kanilang mga anak. Matapos maisagawa ay ipinasuri bilang balidasyon ang mga kontekstwalisadong materyal sa Master Teacher ng Filipino.

Nang naaprubahan, muling tinasa ang mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong *mixed method research* (MMR). Ang *mixed method* na pananaliksik ay isang anyo ng pananaliksik kung saan ang isang baguhang mananaliksik ay maaaring pagsamahin ang mga elemento ng parehong kwalitatib at kwantitatib na pamamaraan. Sa pag-aaral na ito, isinagawa ang paggamit ng kwalitatib at kwantitatib na pangunguha ng datos, analisis, at diskarte sa hinuha upang magsilbi sa layon ng pag-aaral. Ayon kina Schoonenboom at Johnson (2017), binibigay ng MMR ang kinakailangang lawak, malalim na pag-unawa, at pagpapatunay ng mga nakalap na datos. Sa kwantitatib na pamamaraan, ay gumamit ang mananaliksik ng deskriptibo at inferential na pamamaraan upang makita ang akademikong pagganap bago at pagkatapos ng isasagawang estratehiya (Lund Statistics, 2018). Gumamit din ng thematic analysis nina Braun at Clarke upang susuriin na ang mga datos na nakuha mula sa panayam. Sa Pigura 2 makikita ang anim na yugto na gabay nina Braun at Clarke (2006, na binanggit sa Maguire at Delahunt, 2017).

Pagkatapos, ginawan ng pag-aanalisa ang iskor. Gumawa na rin ng repleksyon kung epektibo ba o hindi ang isinagawang aksyon.

Ang estratehiya ay inasahang nakabawas sa damdamin ng pagkabalisa na dulot ng pagtransisyon sa in-person classes. Ang set up ay isang bagong penomeno kung saan mula sa modyular ay unti-unting nagtransisyon ang mga mag-aaral patungo sa harapang klase. Sa kasaysayan ng edukasyon sa Pilipinas, ito ay bago at hindi pa kailanman nangyari. Sa usapin ng pakikipagtulungan ng guro sa mga magulang ay nabigyang diin ang kolaborasyon at pagsisikap ng paaralan na mapaunlad ang akademikong pagganap at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa Project AGAP, inasahang mapaunlad din ang pedagohikal na kaalaman ng mga magulang upang epektibong makapagbigay ng gabay at makagawa ng learning activities para sa mga mag-aaral tungo sa mas mahusay na pagkatuto at pag-unlad sa Filipino 9.

Samantala, idiniin din ng estratehiya na ang pakikipagtulungan sa mga magulang at mga tagapag-alaga ay nagbigay-daan sa mga guro ng oportunidad na malaman ang mga opsyon at alternatibong solusyon sa mga problema at dilemang kinakaharap ng mga mag-aaral.

## Resulta ng Pananaliksik

Ang mga datos na nasa Ibaba ay resulta ng pananaliksik gamit ang mixed method research design.

**Ano ang kalagayang pagkatuto ng mag-aaral bago gamitin ang Project AGAP sa Bata?**

Gamit ang deskriptibong pamamaraan, ang talahanayan ay nagpapakita ng resulta ng *pre-test* ng mga mag-aaral sa Southville 5A Integrated National High School.

**Talahanayan 1**

| Iskor | Ikatlong Markahan | | Ika-apat na Markahan | |
|---|---|---|---|---|
| | F | % | F | % |
| 33-40 (Lubos na mahusay) | - | - | - | - |
| 25-32 (Mahusay) | - | - | - | - |
| 17-24 (Papalapit na Kasanayan) | - | - | - | - |
| 9-16 (Papabuong Kasanayan) | 10 | 100.00 | 10 | 100 |
| 0-8 (Panimulang Kasanayan) | - | - | - | - |
| Kabuuan | 10 | 100.00 | 10 | 100.00 |
| Wighted Mean | 12.3000 | | 12.9000 | |

Tandaan: 33-40 Lubos na Mahusay, 25-32 Mahusay, 17-24 Papalapit na Kasanayan, 9-16 Papabuong Kasanayan, 0-8 Panimulang Kasanayan

Sa pre-test ng mga mag-aaral sa Ikatlong Markahan, lumabas na sampung (10) mag-aaral ang nasa antas na *Papabuong Kasanayan;* katumbas ito ng isang daang bahagdan (100%) ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral. Ito ay may sampung (10) katao o isang daang bahagdan (100%) bilang ng mga mag-aaral. Walang napabilang sa *Lubos na Mahusay* at *Mahusay*. Sa ipinapakitang *pre-test* ng Ika-apat na Markahan, Sampu (10) na mag-aaral o isang daang bahagdan (100%) ay kabilang sa antas na *Papabuong Kasanayan.* Katulad ng iskor sa Pretest ng ikatlong Markahan wala ring napabilang sa *Lubos na*

*Mahusay* at *Mahusay.*

**Ano ang kalagayang pagkatuto ng mag-aaral pagkatapos gamitin ang Project AGAP sa Bata?**

*Post-test Iskor sa Ikatlo at Ika-apat na Markahan ng Piniling Mag-aaral sa Ika-9 na Baitang*

**Talahanayan 2**

| Iskor | Ikatlong Markahan | | Ika-apat na Markahan | |
|---|---|---|---|---|
| | F | % | F | % |
| 33-40 (Lubos na mahusay) | - | - | 3 | 30.00 |
| 25-32 (Mahusay) | 7 | 70.00 | 7 | 70.00 |
| 17-24 (Papalapit na Kasanayan) | 3 | 30.00 | - | - |
| 9-16 (Papabuong Kasanayan) | - | - | - | - |
| 0-8 (Panimulang Kasanayan) | - | - | - | - |
| Kabuuan | 10 | 100.00 | 10 | 100.00 |
| Wighted Mean | 27.1000 | | 30.8000 | |

Sa ikalawang talahanayan ang post-test ng Ikatlong Markahan pagkatapos gamitin ang Project AGAP sa Bata. Mapapansin na mayroong pagbabago sa antas ng kahusayan ng mga estudyante sa ika-9 Baitang. Pito (7) na sa kanila ang naging Mahusay na siyang bumubuo ng pitumpong bahagdan bahagdan (70%). Samantala, Tatlong (3) mag-aaral naman ang napabilang sa papalapit na kasanayan na bumubuo sa Talumpong bahagdan (30%). Sa bahagi naman ng *post-test* ng Ika-apat na Markahan pagkatapos gamitin ang Project AGAP sa Bata, tatlo (3) sa mga mag-aaral ang napabilang sa Lubos na Mahusay na antas na siyang bumubuo ng tatlumpong bahagdan (30%). Pito (7) naman o pitumpong bahagdan (70%) ng mag-aaral ang napunta sa Mahusay na antas. Sa kabila ng mga pagbabago sa mga datos, makikinitang mas mataas ang nakamit ng mga mag-aaral sa kanilang iskor sa Post-test sa ikatlong Markahan na may Weighted mean na 27.100 at iskor sa Post-test sa Ika-apat na Markahan na may Weighted Mean na 30.8000.

**Mayroon bang makabuluhang pag-unlad, pagkatapos gamitin ang Project AGAP sa Bata, sa pangkalahatang pagganap sa Filipino 9 ng mga mag-aaral?**

Ang talahanayan ay nagpapakita ng pretest at posttest iskor ng mga bata sa ika-9 na baitang mula sa ikatlo at ika-apat na markahan. Nagpapakita rin ito ng aktuwal na p-value na nasa 0.05 antas ng kahalagahan.

| Ikatlong markahan | Mean | p-value | Ika-apat na markahan | Mean | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pre-test | 12.3000 | 0.000 | Pre-test | 12.9000 | 0.000 | May makabuluhang pagkakaiba |
| Post test | 27.1000 | | Post test | 30.8000 | | |
| 0.05 antas ng kahalagahan | | | | | | |

**Talahanayan 3**

Batay sa resulta ng aktuwal na implementasyon ng Project AGAP sa Bata, makikita sa talahanayan ang makabuluhang pagbabago sa resulta ng pagtatasa. Para sa Ikatlong markahan, Ang *Mean* iskor ng *post test* na (27.100) ng ikalong markahan ay mas mataas kung ihahambing sa *Mean* iskor ng *pre test* na (12.3000). Samantala, ang *p-value* na 0.0000 ay mas mababa kesa sa antas ng kahalagahan na 0.05. Dagdag pa, sa Ika-apat na markahan naman, Ang *Mean* iskor ng post test na (30.8000) ay mas mataas kung ihahambing sa *Mean* iskor ng *pre test* na (12.9000) at ang *p-value* ay nasa 0. 0000 na mas mababa kesa sa antas ng kahalagahan na 0.05. Sa resulta ng pag-aaral na ito, sadyang nakikita ng mananaliksik na may makabuluhang pag-unlad sa pangkalahatang pagganap sa Filipino 9.

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
**Address:** P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
**Contact Nos.:** (049) 547-0105 / (+63) 939-510-8779
**Email Address:** deped.binancity@deped.gov.ph
**Website:** depedbinan.com
Certificate No. PHP QMS 22 53 0085

**Paano naaapektuhan ang pangkalahatang akademikong pagganap ng Project AGAP sa Bata?**

**Talahanayan 3**

*Resulta ng Panayam Gamit ang Thematic Analysis*

| Respondente | Mga Sagot | Codes | Tema |
|---|---|---|---|
| 1 | *Mas gusto ko po ang Biswal dahil nakikita ko ang mga halimbawa at kung paano gawin ang mga activity. Mas nauunawanan ko rin kung paano nabubuo ang proyektong ipinagawa ni Sir.* | Biswal upang maunawaan | |
| 2 | *Ang biswal po ang pinipili ko dahil nakikita ko po ang itinuturo ni Sir lalo na po kapag may video po yung mga akda nakikita ko po kasi ang nangyayari lalo na po kapag kasabay yung pagbasa at panonood po ng video.* | Biswal dahil nakikita ko ang tinuturo | |
| 3 | *Mas natututo po ako sa biswal na pagtuturo ni Sir dahil mas nauunuwaan ko po kapag nakikita ko ang mga halimbawa ng mga itinuturo niya lalo na po kapag may picture bukod pa sa pakikinig.* | biswal dahil nauunawaan | |
| 4 | *Mas natututo po ako sa biswal na pgtuturo dahil nakakatulong po ito sa aking pakikinig upang maunawaan ko ang itinuturo ng aking guro. Mas nagiging kawili wili rin po ang pag-aaral kapag nakikita ko po ang mga larawan na nangyayari sa kuwento.* | biswal dahil nakakatulong sa pakikinig | Sa Pamamagitan ng Biswal na Pagkatuto Napabuti ang Pag-Unawa |
| 5 | *Mas naeejoy ko po ang pagtuturo kapag may nakikita akong larawan o video sa topic po namin sa Filipino. Mas nauunawaan ko po ang aralin at mas madali pong maintindihan.* | nag-eenjoy ako kapag may nakikita akong larawan | |
| 6 | *Kapag po kasi may picture o video yung itinuturo ni sir nakikita ko po kasi na yung mga nangyayari sa kuwento o aralin po namain ay nangyayari rin po sa totoong buhay po namin. Mas nakakarelate po kasi ako sa topic dahil nakikita ko po kung paano nagaganap ito sa kuwento.* | kapag may picture o larawan mas nakakarelate po ako | |
| 7 | *Mas natututo po ako kapag napanood ko na ang instruction sa youtube tapos saka ididiscuss ni sir kay mas naiintindihan ko na kasi paliyar nako sa lesson.* | Napanood ang video saka ididiscuss ng guro mas nauunawaan kop o ang lesson | |

Ang mga nakalap na datos ay pinagtibay pa sa pamamagitan ng pag-iinterbyu sa mga bata gamit ang *focus group discussion* o FGD. Birtwal na isinagawa ang panayam na ito. Nilayon ng pakikipag-usap na malaman kung bakit sa tingin ng mga bata ay mainam ang instrumentong ginawa sa tulong ng mga magulang.

Ang mga detalyeng ipinakita ng talahanayan ay nakalap sa pamamagitan ng paggamit ng thematic analysis nina Braun and Clarke. Bilang resulta, lumabas na tema ang Sa Pamamagitan ng Biswal na Pagkatuto Napabuti ang Pag-Unawa. Sinasabi ng pananaliksik na sa mga isinagawang kontekstwalisadong instrumento ng pag-aaral sa tulong ng mga magulang, makikita rin na mas nais ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng biswal na pagkatuto. Ito ay taliwas sa resulta ng pag-aaral nina Rogowsky et al (2020) na nagsasabing walang makabuluhang kaugnayan ang komprehensyon at visual learning style.

**Diskusyon**

Sa kabuuan, ang kalagayang pagkatuto ng mga mag-aaral bago gamitin ang Project AGAP sa Bata ay nasa Papabuong Kasanayan. Subalit pagkatapos mailapat ang Project AGAP sa Bata, nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa pangkalahatang pagganap sa Filipino ang mga mag-aaral ng Ika-9 na Baitang. Lumabas ang temang Sa tanong kung paanong naapektuhan ang pangkalahatang akademikong pagganap, sinasabi ng mga respondente na sa pamamagitan ng biswal na pagkatuto napabuti ang kanilang pag-unawa.

Inirerekomenda ng pananaliksik na ito na ang Project AGAP sa Bata ay gamitin na rin ng ibang departamento upang malaman kung magkakaroon rin ba ng makabuluhang pag-unlad sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa kanilang mga paksang itinuturo. Dagdag pa, paggawa ng mga aktibiti para sa mga mag-aaral, maaari ring hingin ang tulong ng mga magulang sapagkat mas nakakaalam din sila sa mga taglay na kakayahan ng kanilang mga anak.

Batay sa resulta ng pag-aaral, masasabing sadyang makakatulong ang paggamit ng Project AGAP sa Bata sa pagpapabuti ng akademikong pagganap sa Filipino 9. Masasabi rin na ang dahil sa pakikipagtulungan sa mga magulang ay mas nakatulong upang mapaunlad ang iskor ng mga bata sa posttest.

**Pagkilala**

Taos pusong pinaaabot ng mananaliksik na ito ang walang katapusang pasasalamat sa mga taong nakapag-ambag tungo sa pagkakabuo at ikakatagumpay ng pananaliksik na ito;

Una, sa Panginoong Hesus na walang pagpipigil na iginawad ang biyaya sa mananaliksik, sa kaniyang patuloy na paggabay at pagbibigay lakas ng katawan at isip upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito,

Kay **Ma'am Mildred Diña** , Punongguro ng Southville 5A Integrated National High School, sa pagbibigay

**Address:** P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
**Contact Nos.:** (049) 547-0105 / (+63) 939-510-8779
**Email Address:** deped.binancity@deped.gov.ph
**Website:** depedbinan.com
Certificate No. PHP QMS 22 53 0085

pahintulot at panahon upang masuri ang pag-aaral na ito,

Kay **Ma'am Rosalyn S. Cuenca**, sa puspusang pagtatalaga ng panahon upang mabigyan ng matalinong pagsusuri, makabuluhang mungkahi, at masusing tagubilin tungo sa ikauunlad ng pag-aaral na ito,

Sa mga tumugon sa balidasyon ng mga material na ginamit sa pananaliksik na ito,

Sa aking mga mag-aaral sa Filipino 9 Taong Panuruan 2022-2023 pangkat Ati-atihan bilang tagatugon at bahagi ng pag-aaral ito,

Sa aking pamilya, sa mapagmahal na pag-unawa sa mga panahong hindi masyadong nagampanan dahil sa inaatupag na pag-aaral. Gayundin sa mga kaibigang siyang tunay na nagbigay lakas sa panahon ng pangangailangan.

**Sanggunian**


Chu, R. 2015. Why academic performance coaching?. LinkedIn. https://www.linkedin.com/pulse/why-academic-performance-coaching-robin-

DepEd Order No. 31. Implementing Guidelines of Grades 1 To 10 to Enhanced Basic. Education Curriculum. (April 10, 2012). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2012/04/DO_s2012_31.pdf

Dependent T-test for paired samples. (2018). Lund Research Ltd. https://statistics.laerd.com/statistical-guides/dependent-t-test-statistical-guide.php

Johnson, B.R. & Christensen, L. B. (2017). Educational research: Quantitative, qualitative, and mixed approaches. 6. Los Angeles: SAGE

Johnson, R. B., Onwuegbuzie, A. J., & Turner, L. A. (2007). Toward a definition of mixed methods research. Journal of mixed methods research, 1(2), 112-133.

Reimers, F., Schleicher, A., Saavedra, J., & Tuominen, S. (2020). Supporting the continuation of teaching and learning during the COVID-19 Pandemic. Oecd, 1(1), 1-38.

Rogowsky, B. A., Calhoun, B. M., & Tallal, P. (2020). Providing instruction based on students' learning style preferences does not improve learning. *Frontiers in Psychology*, *11*, 164. Schoonenboom, J., & Johnson, R. B. (2017). How to construct a mixed methods research design. KZfSS Kölner Zeitschrift für Soziologie und Sozialpsychologie, 69(2), 107-131.

UNICEF Annual Report 2021. (2021). UNICEF For Every Child. https://www.unicef.org/reports/unicef-annual-report-2021

Alabekee, E., Osaat, S., Samuel, A. (2015). Effect of cooperative learning strategy on students learning experience and achievements in mathematics. Retrieved http://www.eajournals.org/wp-content/uploads/Effect-of-Cooperative LearningStrategy.pdf




**Address:** P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
**Contact Nos.:** (049) 547-0105 / (+63) 939-510-8779
**Email Address:** deped.binancity@deped.gov.ph
**Website:** depedbinan.com


TÜV NORD ISO 9001 Certificate No. PHP QMS 22 53 0085